

Mensahe mula sa CEO at Tagapangulo ng Lupon ng RI

Minamahal na Miyembro ng Team,

Ang bawat isa sa inyo ay mahalagang miyembro ng Relief International, isang makatao at para sa pagpapaunlad na non-profit na ahensya na nagbibigay ng pang-emergency na tulong, rehabilitasyon, tulong sa pag-unlad, at mga programang serbisyo sa mga komunidad sa buong mundo.

Nakatuon ang Relief International sa pagbabawas sa paghihirap ng tao at hindi ito pulitikal at sectarian sa misyon nito. Sa nakalipas na 60 taon, nagpunta ang Relief International sa higit 50 bansa sa Africa, Asia, Latin America, Caribbean, at Middle East para tugunan ang mga pangangailangan ng mga pinakaapektado at pinabayaang grupo - partikular na ang kababaihan, mga bata, mga naapektuhan ng mga likas na sakuna at mga digmaang sibil, at ang mahihirap. Naghahatid kami ng tulong na nakakaligtas ng buhay sa mga pinakamaselang lugar.

Sa Relief International, mahalaga ang paninindigan sa mga pagpapahalaga ng aming organisasyon sa pagbuo ng ligtas na lugar ng trabaho at sa aming mga kasalukuyang programa sa sustainability at sa aming trabaho. Umaasa ang Relief International sa pagpopondo mula sa isang malawak na hanay ng mga organisasyon, kabilang ang pamahalaan ng U.S. at U.K., European Union, mga institusyunal na donor, mga Ahensya ng UN, mga pandaigdigang at lokal na NGO, at mula sa mga pribadong donasyon. Binibigyan kami ng pondo kapalit pagtugon sa inaasahang paggamit nito sa isang responsable at tapat na paraan para magpatupad ng mga kinakailangang programa. Tugma ang mga inaasahang ito sa mga pagpapahalaga ng aming organisasyon, na nakaugat sa etika at pantay na respeto, ng integridad, adaptabilidad, pagtutulungan, pagiging inklusibo, at sustainability.

Kinikilala namin na maaaring isang hamon ang paglilingkod sa mga maselang lugar na ito. Ang pagsunod sa aming Alituntunin ng Pag-uugali, na gumagabay sa aming trabaho at binuo hango sa aming ‘Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali,’ kabilang ang mga patakaran sa pangangalaga, seguridad, krimeng pampinansyal, ipinagbabawal na partido, at nauugnay sa human resources, ay makakatulong sa aming matugunan ang mga hamong ito. Dapat mong basahin nang maburi ang Alituntunin sa Pag-uugali at ang mga patakarang ito, tiyaking nauunawaan mo ang mga ito, at suriin ang mga ito taon-taon. Sa pamamagitan ng paglagda sa **Pagkilala at Pangako sa Alituntunin ng Pag-uugali**, ipinapakita mo ang iyong pagsunod sa aming mga pagpapahalaga, hindi lamang sa aming mga donor ngunit maging sa aming mga partner at komunidad kung saan kami naglilingkod.

Taos-puso,
Chip Levengood
Tagapangulo ng Lupon

Ann Koontz
Pansamantalang CEO

Alituntunin sa Pag-uugali

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Abril 13, 2021
Inaprubahan ng: Lupon ng Mga Direktor
Inaprubahan noong: Abril 13, 2021
Bersyon: 2.0

Kapalit ng: Alituntunin sa Pag-uugali ng RI 03-16
Uri ng Patakaran: Tier 1
Numero ng Patakaran: POL-001
Responsableng Team: Etika at Pagsunod

Aming Misyon, Pananaw, at Mga Pagpapahalaga

Ang Relief International, Inc. (US), Relief International – UK, Relief International – Europe (Belgium), at MRCA/Relief International - mga organisasyong kasama mula sa France (sa pangkalahatan, “Relief International” o “RI”) ay isang makatao at para sa pagpapaunlad na non-profit na ahensya na nagbibigay ng pang-emergency na tulong, rehabilitasyon, tulong sa pag-unlad sa mga komunidad sa buong mundo.

Misyon	Pananaw
Nakikipagtulungan ang RI sa mga komunidad sa mga maselang lugar para magligtas ng mga buhay at magtaguyod ng kakayahang bumangon, dignidad, at pangmatagalang kapakanan.	Magagawa ng lahat ng komunidad sa mga maselang lugar na magkamit ng pangmatagalang kapakanan.

Ginagabayan ng mga makataong prinsipyo ng sangkatauhan, hindi pagpanig o pagkiling, at kalayaan, maging ng “Huwag Manakit,” ang **Mga Pagpapahalaga** ng Relief International ay:

Integridad	Tapat at may pananagutan kami sa pakikipagtulungan sa mga kalahok, partner, donor, Miyembro ng Team, at komunidad na pinaglilingkuran namin.
Adaptabilidad	Bukas kami sa bilis at para sa inobasyong pag-iisip, mga pagtugon sa programa, at mga paraan ng pagtatrabaho.
Pagtutulongan	Tumatanggap kami ng salungat na kahusayan at mga network para matiyak na ang bawat isyu, sitwasyon, o komunidad ay nakakatanggap ng pinakamaiinam na solusyong mayroon.
Pagiging Ingklusibo	Bukas kami sa mga kagawian at patakarang nagbibigay ng access sa pagkakaroon ng trabaho, mga oportunidad, at mga resource para sa mga tao na maaaring hindi naisasama o nasa laylayan.
Sustainability	Sumusuporta kami ng mga komunidad para mabuo ang kanilang sariling pangmatagalang kakayahang bumangon at kapakanan sa kabuuan ng aming pakikipagtulungan.

Nakakatulong sa amin ang aming Misyon, Pananaw, at Mga Pagpapahalaga na magkamit ng positibong epekto sa mga komunidad at ng nakakabuting kultura sa organisasyon. Bilang empleyado, pansamantalang empleyado, hindi direktang miyembro ng tauhan, intern, volunteer, opisyal, at miyembro ng Mga Lupon ng Mga Direktor ng Relief International (sa pangkalahatan, “Miyembro ng Team”), ang bawat isa sa amin ay sumasang-ayon sa

pagtaguyod sa Misyong, Pananaw, at Mga Pagpapahalaga ng Relief International. Sang-ayon din kaming panindigan ang Alituntunin sa Pag-uugali ng Relief International.

Nakasaad sa Alituntunin sa Pag-uugali ang limang prinsipyong gagabay sa atin bilang mga Miyembro ng Team ng Relief International sa pagtutulungan upang maisakatuparan ang ating Pananaw kasabay ng pagsasabuhay sa ating Mga Pagpapahalaga.

Mga Prinsipyo ng Alituntunin sa Pag-uugali

Sa paglagda sa Alituntunin sa Pag-uugali na ito, ang bawat isa sa atin ay sang-ayong susundin ang limang prinsipyo:

1. Susundin namin ang Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali, Nalalapat na Batas, Regulasyon, at Mga Kinakailangan sa Kontrata.
2. Maingat naming pangangasiwaan ang mga pondo at ari-arian.
3. Tutulong kaming bumuo ng may paggalang na lugar ng trabaho.
4. Poprotektahan namin ang kaligtasan ng mga kalahok at mga miyembro ng komunidad.
5. Poprotektahan namin ang kaligtasan at seguridad ng aming mga sarili at ibang tao.

Gawin ang
Tama

Prinsipyo 1: Susundin namin ang Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali, Nalalapat na Batas, Regulasyon, at Mga Kinakailangan sa Kontrata.

Ang Relief International ay may patakarang hindi pagkunsinti sa katiwalian, pagsuporta sa mga ipinagbabawal na partido (sadya o hindi), o pag-abuso sa mga kalahok o iba pang Miyembro ng Team . Inaasahan namin ang personal at propesyunal na integridad at pagsunod sa aming Alituntunin sa Pag-uugali at sa lahat ng nalalapat na batas, regulasyon, at kinakailangan sa kontrata.

Kailangan ng bawat miyembro na basahin, unawain, at sundin ang sumusunod na Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali sa loob at labas ng lugar ng trabaho at kunin ang mga kailangang pagsasanay na nauugnay sa mga patakarang ito sa loob ng iniaatas na yugto ng panahon.

Patakaran sa Pag-uulat ng Insidente at Pamamahala sa Etika at Seguridad

Mga Patakaran sa Pangangalaga

- Patakaran sa Sekswal na Pananamantala at Pang-aabuso at Panghahas (Sexual Exploitation and Abuse and Harassment, SEAH)
- Patakaran sa Pagprotekta sa Bata
- Patakaran sa Paglaban sa Trafficking ng Mga Tao

Mga Patakaran sa Mga Krimeng Pampinansyal

- Patakaran sa Pandaraya, Panunugol, at Katiwalian
- Patakaran sa Money Laundering

Patakaran sa Pag-iwas sa Pagsuporta at Mga Transaksyon sa Mga Ipinagbabawal na Partido

Pagtanggap Muna: Ang Framework ng Seguridad ng RI

Iba Pang Pangunahing Patakaran, Framework, at Handbook

- Handbook ng Empleyadp (Manual ng Empleyado sa Field para sa field)
- Patakaran sa Mga Salungatan sa Interes at Form ng Paghahayag
- Patakaran sa Pagprotekta sa Data
- Patakaran sa Whistleblower
- Patakaran sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho
- Patakaran sa Pagtanggap ng Regalo
- Patakaran sa Lugar ng Trabaho na Walang Droga
- Framework ng Pamamahala ng Programa sa Mga Maselang Lugar

Ang lahat ng patakarang ito ay available sa Mga Miyembro ng Team sa lahat ng bansa. Maa-access din ang mga ito sa intranet ng RI, RI-Connect, at sa aming system ng pamamahala sa dokumento, Box, online at Box > Toolbox > Key Policies.

Ang anumang tanong tungkol sa pagiging angkop o pagpapakahulugan sa anumang batas, panuntunan, o regulasyon, o sa mga mekanismo para sa pag-uulat ng mga hinihinalang paglabag, ay dapat na idirekta sa Pangkalahatang Konesho ng RI.

Ang anumang tanong tungkol sa pagiging angkop o pagpapakahulugan sa Alituntunin sa Pag-uugali, Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali o iba pang aspeto ng programa sa etika at pagsunod Relief International ay dapat na idirekta sa RI's Punong Opisyal sa Etika at Pagsunod (Chief Ethics and Compliance Officer, "CECO") ng RI. Ang CECO ay maaaring makaugnayan sa pamamagitan ng ceco@ri.org.

Magtrabaho
nang
Responsible

Prinsipyo 2: Maingat naming pangangasiwaan ang mga pondo at ari-arian.

Pangangalagaan at responsible naming gagamitin ang impormasyon, mga pondo, at ari-arian, na magagamit namin bilang Miyembro ng Team ng Relief International. **Gagawin namin ang mga sumusunod:**

- hindi namin ipapangako ang RI sa pinansyal na usapin o anupaman, nang walang natatanggap na partikular na pahintulot.
- kami ay magpapanatili ng mga tumpak na tala, susunod sa mga nalalapat na pamantayang pampinansyal at pang-accounting, at makikipagtulungan sa mga opisyal at auditor.
- susundin namin ang mga kinakailangan sa kontrata at regulasyon, mga obligasyon sa mga donor, at mga pandaigdigang regulasyon sa pagsang-ayon.
- hindi kami magsasagawa ng mga pagkilos ng pandaraya, kilos ng maling pag-uugali, o pagsira sa tiwala sa ilalim ng anumang pagkakataon (Tingnan ang: Mga Patakaran sa Mga Krimeng Pampinansyal para sa mga halimbawa).
- gagamitin lang namin ang ari-arian ng RI (hal., mga gusali, asset, equipment, supply, at equipment at mga tool sa IT) para sa mga layuning nauugnay sa trabaho. Ang ari-arian ng RI ay hindi maaaring gamitin para sa personal na paggamit o mga hindi aprubadong layunin.

Prinsipyo 3: Tutulong kaming bumuo ng may paggalang na lugar ng trabaho.

Dapat sundin ng Mga Miyembro ng Team ang aming mga patakaran at dapat silang magpakita ng mga gawing angkop sa pagpapanatili ng lugar ng trabaho na nagtataguyod ng kalusugan, kapakanan, at kakayahang bumangon ng tauhan. **Gagawin namin ang mga sumusunod:**

- pakikitunguhan ang lahat ng katrabaho nang may dignidad at paggalang.
- igagalang ang mga karapatan ng lahat ng indibidwal, kabilang ang pagbibigay ng makatwirang akomodasyon para sa mga taong may kapansanan o espesyal na pangangailangan.
- tatanggihan ang pang-aabuso sa kapangyarihan at anumang porma ng karahasan.
- gumawa ng mga pasya ukol sa trabaho batay sa mga kakayahan at merit ng isang indibidwal at hindi sa mga personal na katangiang hindi nauugnay sa trabaho.
- pangalagaan ang kumpidensyalidad ng impormasyon ng tauhan, kalahok, at ari-arian.

Igalang ang Iba

- umiwas sa anumang pagkasangkot sa mga kriminal o hindi etikal na aktibidad, mga aktibidad na lumalabag sa mga karapatang pantao, o mga aktibidad na komokompromiso sa imahe at mga interes ng Relief International.

May partikular na gawing hindi nakakatulong sa isang magandang lugar ng trabaho. Ang mga gawing ito ay idinetalye sa Handbook ng Empleyado at iba pang pangunahing patakaran. Nakabalangkas sa ibaba ang iba pang hindi katanggap-tanggap na gawi.

Hindi namin gagawin ang mga sumusunod:	Mag-uulat kami ng:
<ul style="list-style-type: none"> • makibahagi sa anumang uri ng pag-uugaling magulo, palasalungat, at nambu-bully. • humusga ng mga indibidwal batay sa mga salik na hindi nauunay sa trabaho, gaya ng etnisidad, relihiyon, gender, sekswal na oryentasyon. • magsabi ng nakakainsulto o masamang komento, joke, email, o komunikasyon, kabilang ang mga tuwirang sekswal na larawan at komunikasyon. • magtrabaho habang may impluwensya ng alkohol o mga ilegal na substance. 	<ul style="list-style-type: none"> • hindi gusto, hindi wasto, o bastos na mga sekswal na atake o panghahas. • pambu-bully, mga pahiwatig na banta, paninindak, favoritism, pangmamaliit, mga pasalita o pisikal na pagkamuhi. • mga sitwasyong banta sa kaligtasan, seguridad, o kapakanan ng tauhan. • kalupitan sa mga indibidwal dahil sa lahi, relihiyon, gender, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan, status ng pagiging beterano, o iba pang katangiang protektado ng batas.

Prinsipyo 4: Poprotektahan namin ang kaligtasan ng mga kalahok at mga miyembro ng komunidad.

Ang Relief International ay may patakarang hindi pagkunsinti sa anumang hindi katanggap-tanggap na gawi sa mga kalahok, miyembro ng komunidad, partner, at miyembro ng team. Tumutukoy ang sekswal na pananamantala at pang-aabuso sa pang-aabuso ng mga aid worker na nanghihingi ng mga sekswal na pabor mula sa mga kalahok kapalit ng makatao o para sa pag-unlad na tulong.

Susunod kami sa Patakaran sa Sekswal na Pananamantala at Pang-aabuso at Panghahas (SEAH), na sumusunod sa anim na pangunahing prinsipyo ng IASC Task Force sa Proteksyon sa Sekswal na Pananamantala at Pang-aabuso.

Pinapahalagahan ng Relief International ang tugon nito na nauugnay sa mga kalahok bilang mga partner. Ito ang dahilan kung bakit ginagamit ng RI ang terminong mga kalahok, mga partner na komunidad, o mga stakeholder ng komunidad sa halip na mga benepisyaryo bilang paraan ng pagtataguyod sa pantay na respeto na salungat sa mga nakadependeng ugnayan. Dapat nating tratuhin ang mga kalahok nang may paggalang, propesyunalismo at respeto, gamit ang Framework ng Pananagutan sa Mga Komunidad ng RI bilang gabay. Magsisikap tayo para protektahan ang kababaihan, mga bata, mga taong may mga kapansanan, LGBTQI+, at iba pang indibidwal na nalalagay sa mga sitwasyong lantad sa karahasang batay sa kasarian at gender.

Prinsipyo 5: Poprotektahan namin ang kaligtasan at seguridad ng aming mga sarili at ibang tao.

Sang-ayon kaming sundin ang lahat ng gabay sa kaligtasan at seguridad ng RI na nauugnay sa aking lokasyon, para mapigilan ang anumang trabaho na maging hindi ligtas, at **gagawin namin ang mga sumusunod:**

- hindi kami makikibahagi sa pagpapabaya o kawalan ng pag-iingay na nagreresulta sa pinsala o sira sa ari-arian ng mga kalahok o ng RI o pagkakalagay sa panganib ng buhay o kalusugan ng sinuman;
- hindi namin ipagpapatuloy ang pagtatrabaho sa RI kung hahatulan kaming may sala o hinatulan kami ng krimen o inalis kami sa dating tungkulin dahil sa maling pag-uugali na nangangahulugan hindi kami akma sa trabaho o magdudulot kami ng banta sa kaligtasan o kapakanan ng Mga Miyembro ng Team, kalahok, o ari-arian ng RI;
- Sumunod sa mga nauugnay na SOP sa transportasyon, kaligtasan, at pangangalaga; at
- mag-ulat kaagad ng alalahanin sa seguridad o kaligtasan o pagkawala o alam na hindi paggana ng mga sasakyan o iba pang equipment.

Mag-ulat ng Hinihinalang Maling Pag-uugali anng Walang Takot sa Pagganti

Mag-ulat Kami ng Mga Hinihinalang Paglabag

Bilang bahagi ng aking pagsunod sa Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali, mag-ulat kami ng anumang hinihinalang paglabag sa Alituntunin sa Pag-uugali, Mga Patakaran sa Pangunahing Pag-uugali, o mga nalalapat na batas at regulasyon. Mayroong tatlong opsyon para sa pag-ulat:

Sa Kaugnay na Focal Point	Sa Hotline para sa Pag-uulat ng Insidente	Sa Ombudsperson
<p>Sa antas na tanggapan ng bansa, mag-ulat kami sa pamamagitan ng email o nang personal sa nauugnay na focal point sa aking RI team. Responsibilidad ng focal point na itala ang mga detalye ng insidente, ibahagi ang mga ito sa Direktor ng Bansa, at isumite ito gamit ang online na Portal sa Pag-ulat ng Insidente.</p>	<p>Kung dahil sa anumang dahilan, pakiramdam natin ay hindi ako makakapag-ulat ng insidente sa focal point sa aking team, o kung mangyayari ang insidente sa loob ng isang rehiyunal o GSO na team, direkta itong iulat sa Hotline para sa Pag-ulat ng Insidente. Maaari itong gawin nang anonymous at sa maraming paraan:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. gamit ang online na Form ng Pag-ulat ng Insidente: bit.ly/RIIncidentsHotline 2. sa pamamagitan ng e-mail: incidents@ri.org 3. sa pamamagitan ng pag-iwan ng mensahe sa telepono: +1 (434) 288-0202 	<p>Kung hindi mabibigyan ng angkop na tugon sa loob ng makatuwirang yugto ng panahon ang isang insidente na iniulat sa focal point o gamit ang hotline sa pag-ulat, maaaring iulat ang insidente sa Ombudsperson ng RI sa pamamagitan ng e-mail sa ombudsperson@ri.org. Ang Ombudsperson ay hiwalay sa pamahalaan ng RI.</p>

Ang lahat ng insidente iniulat sa Hotline para sa Pag-ulat ng Insidente ay direktang napupunta sa Team ng Pamamahala ng Insidente ng RI. Maaaring mag-ulat nang anonymous at nang walang takot sa pagganti. Mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Whistleblower sa mga paglabag sa hindi pagganti para sa pag-ulat. Ang lahat ng ulat ng hinihinalang hindi pagsunod at mga paglabag ay angkop na tutugunan, kabilang ang isang imbestigasyon sa sala, mga postensyal na nagtatamang pagkilos, at mga paghahayag sa wastong donor at mga awtoridad ng pamahalaan, kung naaangkop. Nangangako ang RI na ganap na makikipagtulungan sa anumang ahensya ng Pamahalaan na responsable sa mga imbestigasyon o audit. Nauunawaan naming maaaring disiplinahin ng Relief International ang sinumang Miyembro ng Team na may pag-uugali na labag sa mga nalalapat na batas, regulasyon, o pangunahing prinsipyo ng Alituntunin sa Pag-uugali hanggang at kabilang ang pagkakaalis.

Pagkilala at Pangako

Ang bawat Miyembro ng Team ay dapat na basahin at sang-ayunan ang Alituntunin sa Pag-uugali at mga nauugnay na patakaran bago ang simula ng pagtatrabaho at sa bawat kasunod na taon.

Sa paglagda, kinikilala kong natanggap at nauunawaan ko:

- Ang kasalukuyang Alituntunin sa Pag-uugali
- Ang Patakaran sa Pamamahala at Pag-uulat ng Insidente sa Etika at Seguridad
- Mga Patakaran sa Pangangalaga (Patakaran sa Sekswal na Pananamantala, Pang-aabuso, at Panghahas, Patakaran sa Pagprotekta sa Bata, at Patakaran sa Paglaban sa Trafficking ng Mga Tao)
- Patakaran sa Mga Krimeng Pampinansyal (Patakaran sa Pandaraya, Panunugol, at Katiwalian, at Patakaran sa Money Laundering)
- Patakaran sa Pag-iwas sa Pagsuporta at Mga Transaksyon sa Mga Ipinagbabawal na Partido
- Patakaran sa Pagtanggap Muna
- Iba pang Pangunahing Patakaran, Framework, at Manual (Handbook ng Empleyadp (Manual ng Empleyado sa Field para sa field), Patakaran sa Salungatan sa Interes at Form ng Paghahayag, Patakaran sa Pagprotekta sa Data, Patakaran sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho, Patakaran sa Pagtanggap ng Regalo, Patakaran sa Lugar ng Trabaho na Walang, Framework ng Pamamahala ng Programa sa Mga Maselang Lugar, at Framework ng Pananagutan sa Mga Komunidad.)

Sang-ayono akong galangin at panindigan ang mga patakarang ito. Nauunawaan ko na alinsunod sa angkop na batas sa trabaho, agad na didisiplinahin, kabilang ang pagkakaalis kung angkop, ng RI ang mga empleyado na may pag-uugali na labag sa mga pangunahing prinsipyo ng integridad at katapatan ng negosyo na itinakda sa Alituntunin, mga patakaran ng RI, o mga nalalapat na batas.

“Ako si _____, ang lumagda sa ibaba, at idinideklara kong handa akong sundin ang mga panuntunang nakasaad sa itaas. Kinikilala ko na, kung hindi ko masusunod ang mga patakarang iyon, may kapangyarihan ang Direktor ng Bansa o GSO na magsagawa ng pandisiplinang pagkilos, na maaaring kinabibilangan ng lahat ng kailangang hakbang para sa aking agad na pagbalik sa aking bansang pinagmulan.”

Pangalan ng Miyembro ng Team	
Lagda ng Miyembro ng Team	
Petsa (MM/DD/YYYY)	